

ANG KASAYSAYANG PANLIPUNAN NG PILIPINAS: ISANG  
REKONSTRUKSIYON MULA SA MGA DIKSYUNARIO'T  
BOKABULARYONG TAGALOG  
1600-1914\*

(A Reconstruction of Philippine Social History from Tagalog  
Dictionaries and Vocabularies, 1600-1914)

ISAGANI R. MEDINA

*Propesor ng Kasaysayan*

*Departamento ng Kasaysayan, Pamantasan ng Pilipinas*

Sa pag-aaral na ito'y, nais kong talakayin ang isang uri ng mga batis (sources) na mapagkukunan ng mga impormasyon ukol sa kasaysayan ng Pilipinas: ang mga diksyunario't bokabularyong Tagalog mula 1600 hanggang 1914. Ito'y sa kadahilanang hindi pa nabibigyan ng diin ng ating mananaliksik laluna sa larangan ng kasaysayan, ang paggamit ng mga ito sa pagbubuong-muli ng ating kasaysayan laluna sa panahon ng Kastila hanggang sa pagtatapos ng ika-19 na dantaon.

Halos lahat ng ating mga mananaliksik at mga mananalaysay, ay mga di-limbag na manuskrito, artsibo at iba pang dokumento tulad ng mga limbag na aklat at pahayagan lamang ang binibigyang pansin. Wari'y ang di-pansing mga diksyunario't bokabularyo'y hindi pinagkukunan ng mga talata o impormasyon kundi lamang nagkakaroon ng mga problema ukol sa mga kahulugan o maaaring unang paggamit o ipinagbago ng mga salita. Subalit napakayaman o masasabing mina ng impormasyon ang mga ito kung tutuusin at pag-aaralan nang puspusan.

Batid ng lahat ang kahalagahan ng mga diksyunaryo't bokabularyo di lamang sa mga istoryador kundi na rin sa mga antropologo at mga dalubhasa sa wika, at iba pang larangan ng pag-aaral.

Binubuo sa tatlong bahagi ang pag-aaral na ito:

Una, ang pambungad, mga diksyunario't bokabularyong Tagalog na ginamit sa pag-aaral na ito at ang paraan o metodolohiyang ginamit sa pagrerekonstruksiyon;

---

\* Batay sa pasinayang panayam bilang Katedratikong Propesor sa Kasaysayan (Professorial Chair in History holder), Pamantasan ng Pilipinas, 1978-80, na binasa sa Faculty Center Conference Hall, U.P. Diliman, 21 Pebrero 1979. Tingnan din ang kanyang mga unang pag-aaral ukol sa bagay na ito, sa *Filipiniana Materials in the National Library* (Quezon City, 1971) at ang *Mga Diksyunaryo, Bokabularyo, Talasalitaan, Atbp. Ukol sa Mga Pangunahin at Di-Pangunahing Wika at Diyalekto sa Pilipinas, 1521-1914* (ms.; Quezon City, 1978).

Ikalawa, ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga pagbabago ng mga salita sa “diplomatics” o ang pag-aaral ng panloob ng dokumento at lingguwistika, bilang tulong sa pag-aaral ng kasaysayan; at

Ikatlo, ang ilang mga halimbawa ng pagrerekonstruksiyon ng ilang aspekto ng buhay-panlipunan ng Pilipino na ipinakita sa halimbawa ng mga sinaunang Tagalog.

#### PAMBUNGAD

Hindi maikakaila na ang mga misyonerong Kastila ang unang sumulat at nagpalimbag ng mga diksyunaryo't bokabularyong Tagalog alinsunod sa kanilang propagandang maisabog nang mabilisan ang binhi ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

Marahil ang kauna-unahang diksyunaryong Tagalog ay sinulat ni Padre Juan de Plasencia o Portocarrero, isang prayleng Pransiskano na kagawad ng kauna-unahang misyon ng nasabing orden noong 1578. Ito'y ang manuskritong *Diccionario hispano-tagalog* na sinulat makaraan ang dalawang taon ng kaniyang pagdating sa Pilipinas o noong 1580. Si Padre Plasencia rin ang “amá” o “utak” ng *reducción* ang isang pámayanan ng mga binyagang Pilipino na magiging ubod ng pagkakatatag ng mga bayán-bayán sa Pilipinas, isang napakabisang estratehiya ng mga misyonerong Kastila upang mapabilis ang pagbibinyag ng mga Pilipino. Ito'y naging matagumpay kayat ginaya ng iba't-ibang orden sa Pilipinas.

Sa loob ng itinagal ng pananakop ng mga Kastila, pitong paring Agustino, walong Pransiskano, tatlong Heswita, apat na Dominikano at dalawang Rekoleta, ang mga masusugid na palaaral o kundi man manunulat ng mga diksyunaryo't bokabularyong Tagalog at Kastila ang nakatalang gumawa ng mga ito. Sa kasawiang-palad, ang iba nito, laluna yaong mga manuskrito, kundi man nangatupok ng apoy, ay nangawala noong Rebolusyong Pilipino laban sa mga Kastila't Amerikano. Ang mga iba nama'y hindi matunton kung sino ang nagsisulat o nagtipon kaya.

Para sa pag-aaral na ito'y ginamit ko ang mga sumusunod na mga manuskrito at limbag na diksyunaryo't bokabularyong Tagalog, ayon sa petsa ng pagkakasulat o pagkalimbag:

Una, ang manuskritong *Vocabulario de la lengua tagala* na sinulat sa Bataan ni Padre Francisco Blancas de San Jose (1560-1614), isang Dominikano, na itinuturing ding “Ama ng Tipograpiya sa Pilipinas,” (tatawaging SJ mula ngayon). Ito'y tinatayang sinulat ng mga unang dekada ng 1600 na ngayo'y nasa pag-iingat ng Aklatang Pambansa ng Pransiya (ang Bibliotheque Nationale, Departement des Manuscrits. Fond: Malayo Polynesien; Cote 244, pages 1 a 504.

Acc. 43574 na nakitang *de visu* ng awtor noong 1961) na sina-sabing hindi na inilimbag dahil sa napatunayang higit na mabuti ang sa Pransiskanong paring si Pedro de San Buenaventura. Ito'y "nawaglit" sa kaalaman ng mga pantas hanggang noong 1912 nang unang banggitin ni Antoine Cabaton sa kanyang *Catalogue sommaire des manuscrits indiens, indo-chinois & malayo-polynesiens* (Paris: Ernest Leroux, 1912), ii, 320 pahina, na inilabas nga ng nasabing aklatang pambansa. Inilarawan ito sa pranses nang ganito: "Tagalo-espagnol et espagnol-tagal. xvii<sup>e</sup> siecle. Papier europeen et chinois, 451 et 540 pages de 200 x 290 mm., 33 l. Rel. parch." Si Padre Blancas de San Jose (o San Joseph) ay unang dumating sa Pilipinas noong 1595 at itinalaga sa Bataan. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kopyang microfilm sa Aklatan ng Pamantasan ng Pilipinas.

Ikalawa, isang diksyunaryong tagalog na walang pangalan ng may-akda na may humigit-kumulang na 500 dahon o *folio* sa manipis na *papel de arroz* na maaaring may petsang magtatapos ng 1600 o simula ng 1700. Ito'y matatagpuan sa Artsibo ng Unibersidad ng Santo Tomas sa Maynila (na USTMS, mula ngayon). Ito'y may ilang pahina ng mga tuntuning pambalarila para sa wastong paggamit at pag-unawa ng talatinigang ito. Halos kahawig na kahawig nito ang nabanggit na *Vocabulario* ni Padre Blancas de San Jose bagamat maraming nabago at dagdag sa nasabing kopya.

Ikatlo, ang *Vocabular de lengva tagala* (Villa de Pila, Thomas Pinpin, y Domingo Loag, 1613), (8), 707 pahina (na mula ngayo'y SB). Ito ang kauna-unahang diksyunaryong nilimbag sa anumang wika sa Pilipinas at sa wikang Tagalog na sinulat ni Padre Pedro de San Buenaventura (namatay noong 1627), isang Pransiskano. Siya'y unang dumating sa Pilipinas noong 1594 at nadestino bilang kura sa Paete, Laguna. Nagtungo sa Pila noong 1611 bilang "guardian del convento de San Antonio de Pila" at doon sinulat ang kaniyang bokabularyo hanggang 1617 nang gawin siyang kura paroko ng Maykawayan, Bulakan; Paete, Santa Cruz at Liliw sa Laguna, at Tayabas.

Ikatapat, ang dalawang edisyong ikalawa't ikatlo (1794 at 1835) ng *Vocabulario de la lengua tagala* ni Padre Domingo de los Santos (namatay noong 1695), isa ring Pransiskano, na unang nilimbag sa Tayabas noong 1703 at nang lumao'y sa Sampalok, Maynila. Nagtungo sa Pilipinas noong 1655 at itinuring na pinakamagaling sa wikang Tagalog nang kanyang kapanahunan ("el mas versado de su tiempo en el idioma Tagalog") na itinalaga sa Katagalugan tulad ng Laguna, Bulakan at Maynila.

Ikalima, ang tatlong edisyon (1754, 1832, 1860) ng *Vocabulario de la lengua tagala* (Maynila at Valladolid, Espanya) nina Padre Juan

Jose Noceda (1681-1747) at Pedro de Sanlucar (1707- ), mga Heswita (tatawaging Noceda-Sanlucar mula ngayon). Si Padre Noceda ay dumating sa Pilipinas noong 1700 at unang nadestino sa Silang, Kabite. Ang kanyang katulong na si Padre Sanlucar ay taga-Maynila at nadestino rin sa Kabite, sa Kawit at naging rektor ng mga paring Heswita sa Silang mula 1762 hanggang 1764. Ang ikalawang edisyon ng bokabularyong ito'y napakabihira na ngayong matagpuan sapagkat ang karamihan ng mga kopyang dinala rito mula sa Espanya para sa Pilipinas ay nangawala sa paglubog ng barkong kinalululanan nito.

Ikaanim, ang mga edisyon ng *Diccionario de terminos comunes tagalo-castellano* (Maynila, 1854; 1869 (ikatlong edisyon) at *Nuevo diccionario manual español-tagalog* (Maynila, unang edisyon: 1864; ikalawa, 1872) ni Rosalio Serrano (1802-1867), ama ni Pedro Serrano Laktaw. Sinulat ni Serrano isang Pilipinong taga-Bulakan ang mga nangabanggit na aklat upang makatulong sa kapwa Pilipino sa pag-aaral ng wikang Kastila at para rin sa mga Kastila naman, sa pag-aaral ng Tagalog.

Ikapito, ang dalawang tomo ng *Diccionario hispano-tagalog* at *Diccionario tagalog-hispano* (2 tomo; Maynila, 1889-1914), ni Pedro Serrano Laktaw (1853-1928), leksikograpo ring tulad ng kanyang amang nabanggit sa itaas, si Rosalio (na Serrano-Laktaw mula ngayon). Ayon kay Leonard Bloomfield (1917) ang kanyang mga diksyunaryo'y "The only general work of scientific value." Kasama siya nina Jose Rizal, Trinidad H. Pardo de Tavera sa kilusan sa pagbabago ng pagbabaybay sa Tagalog.

#### *Paraan o Metodolohiyang Ginamit sa Pag-aaral at Pagrekonstruksyon ng Kasaysayang Panlipunan*

Limitado lamang sa mga diksyunaryo't bokabularyong Tagalog ang pag-aaral na ito. Bagamat may kahirapan ang pagbubuo ng kasaysayang panlipunan ng Pilipinas sa pamamagitan ng paggamit ng mga diksyunaryo't bokabularyo'y may resulta namang makukuha't masasalamatin sa mga iba't-ibang salitang napapaloob sa mga "sources" o batis na nabanggit.

Ang mga salitang magkakaugnay at magkasing-uri ukol halimbawa sa mga kasuutan, pagdadamit at paghahabi, mga palamuti sa katawan, pananampalataya, awit, paglalaro, pagbububo ng ginto't iba pang metal, pangitain, pagkain, mga kasangkapan sa loob ng tahanan, pagsasaka, paggawa ng palayok, mga pinggang ginagamit noon o kaya'y mga uri ng sakit o karamdaman, ay pinagsama-sama at sinuring mabuti. Ang mga salitang orihinal, sa matandang pagbabaybay ng wikang Kastila't Tagalog at mga kakaibhan (variations)

ng mga ito ay hindi ginalaw o pinaltan bagkos ang mga ito'y pinanatili at inilista ang mga pagbabago sa mga iba't-ibang edisyon ng mga diksyunaryo't bokabularyo. Halimbawa, sa mga hiyas o palamuting ginamit ng mga sinaunang Tagalog ay pinagsama-sama ang mga katawagang nauukol sa mga alahas na ginamit mula ulo hanggang paa. Ang mga terminolohiya ukol sa pagmimina, pagtutunaw ng mga metal, iba't-ibang kilatis ng ginto, mga salaping ginamit, timbang at panukat na ginamit, atbp. ay isa-isang masusing sinuri.

Ang mga diksyunaryo't bokabularyo'y karaniwang binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay isang terminolohiya sa wikang Kastila na may kahulugan sa Tagalog o kaya'y ng ibang wika o diyalekto sa Pilipinas at ang ikalawa'y Tagalog at may kahulugan sa Kastila.

Kaya, upang mapadali ang pangangalap ng mga salitang nauukol sa aspekto ng buhay-panlipunan, gaya halimbawa ng pag-aaral ng kung anu-anong ginamit ng mga sinaunang Tagalog bilang palamuti sa katawan, mula ulo hanggang paa, ito'y isa-isang hinanap sa bahaging binubuo ng mga wikang Kastila, tulad ng "joyas", "alhajas," "cadena," "oro," "filigrana," "argolla," "arracadas," "anillo," "aretes," at mga gangganitong uri. Ito'y isa-isang nilisa at hinanap ang mga katumbas sa Tagalog, pinagsama-sama at pinag-ugnay-ugnay upang gamitin sa pagrerekonstruksyon ng kasaysayang panlipunan ng mga Pilipino noong 1600 hanggang 1900. Kung nais talakayin ang ukol sa mga tela, kumot, damit at paghahabi, ito halimbawa'y makikita sa mga salitang "manta," "tejer," "vestido," o "seda." Ang mga kasingkapan o muwebles na matatagpuan sa loob ng tahanan noong mga 1600 ay makikita sa mga salitang "alhajas de la casa," "instrumento," "cesto," "cuchillo," "cañutillo," "caja," at mga kauri. Ang paggawa ng palayok o kaya'y uri ng mga pinggan ay matatagpuan sa "olla," "ollita," "tinaja," "tabor," "cantaro," "jarro" (jarro), "plato," atbp. Ang iba't-ibang awitin ay makikita sa ilalim ng "canto" o "canta." Ang iba't-ibang uri ng pagkain, katawagan sa pagluluto at inumin ay makikita sa ilalim ng "comida," "cocina," "arroz," "vino," "licor," "conserva," "pescado," "almejas," at mga kauri.

Kapansin-pansin na ang karamihan ng mga impormasyong tinataglay ng mga diksyunaryo't bokabularyo'y hindi kailanman o saanman matatagpuan sa karaniwang dokumento maging ito'y di-limbag o limbag kaya. Ang iba pa nga'y nagbibigay ng mga detalyeng di ibinibigay o masusumpungan sa ibang mga pangunang batis o "primary sources" sa pagsusulat ng kasaysayan. Halimbawa'y ang mga paglalarawan ng mga larong pambata, mga uri ng mga mangkukulam at aswang. Pati kasabihan, mga bugtong at halimbawa ng mga naglahong mga awitin tulad ng *diona* o *hilina* ay makikita rin doon.

## KAANGKUPAN SA LINGGUWISTIKA AT DIPLOMATIKA

Isa pang larangan ng kasaysayan laluna ng Pilipinas na hindi nabibigyan ng pansin ay ang lingguwistika. Ito'y mahalagang-mahalaga sa pag-aaral ng diplomatika o *diplomatics*, ang pag-aaral ng pamumunang panloob ng mga dokumento (*internal criticism*) na importanteng bahagi ng historyograpiyang Pilipino. Sa pamamagitan ng mga diksyunaryo't bokabularyo ay malilina ang mga pagbabago ng mga kahulugan ng wika o paggamit nito, at napakahalaga rin sa pagtunton ng mga pinagbuhatan ng mga institusyong Pilipino.

Halimbawa, ang mga salitang Tagalog noong mga 1600 ay ibang-iba ang kahulugan sa salita natin sa kasalukuyan. Ang salitang *bini-bini* ay hindi matatagpuan sa mga bokabularyo nina Padre San Buenaventura, San Joseph at iba pang leksikograpo na nangahulugan ng "dalaga o babaing wala pang asawa." Hanggang mga 1860 ang kahulugan ng salitang *binibini* ay "muger grave y principal" (Noceda-Sanlucar, 371). Samakatwid, siya ay isang babaing magulang na, balita sa isang bayan, kagalang-galang, at asawa ng isang maginoo. Sinabi rin dito nina Padre Noceda at Sanlucar na ang binibini ay mas magalang na salita sa pagtawag sa isang babai ("palabra mas cortés que *babayi* para nombrar las mugeres.") Sa diksyunaryo ni Serrano Laktaw (1914) ay malalaman na ang *binibini* ay nangahulugan na ng "jóven; soltera; moza. fi. (recatada y grave.// fam. Señora; señorita. f. De bini." (p. 132) Katulad din ito ng salitang "ginoo" na noong mga 1600 hanggang 1750 ay maaaring gamitin sa kapwa lalaki't babaing may asawa higit sa lahat yaong maginoo o mararangal na tao sa isang bayan. Sinabi ni Padre San Joseph na ito'y ginagamit sa mga puno ng isang bayan dahil sa kanilang pagkakaroon ng mga alipin at salapi ("auerse como principal como por tener esclavos y dineros"), samaktwid, may pahiwatig ng kapangyarihan at yaman ang salitang "ginoo." Ayon pa rin sa kaniya, ang *maginoo* ay ikinakapit sa mga lalaki, at ang *ginoo* ay sa mga babai. Datapwat, ayon din kay Padre San Jose, tinawag kapwa ang mga babai't lalaki sa Maynila, ng *maginoo*, alalaong baga'y *maginoong lalacqui* o/at *maginoong babayi*. Ngunit ang mga ito'y hindi palasak sa lahat ng dako. Hindi katak-takang nang unang limbagin ang isa sa mga kauna-unahang aklat sa Pilipinas ang *Doctrina Christiana* sa wikang Tagalog at Kastila noong 1593, isa sa mga dasal, ay ang "Aba, Ginoong Marya" na ngayo'y pagtatakhan marahil ng mga Tagalog sa kasalukuyan kung bakit naging lalaki si Santa Maria. Noong 1613 si Padre San Buenaventura ay nag-ulat ding ang *ginoo* ay maaaring mangahulugan alinman sa "ginang, maginoo o marangal na tao at punong-bayan." Ang salitang *ginoo* ay katulad din sa kahulugang ibinigay nina Noceda-Sanlucar noong 1754. Walang salitang *ginang* na matatagpuan sa mga diksyunaryo't bokabularyo mula 1600 hanggang 1914.

Ang orihinal na kahulugan ng *paraluman* sa mga diksyunaryo't bokabularyong pinag-aralan mula 1600 hanggang 1914 ay *paraloman* na ang ibig sabihin sa Kastila'y "aguja" (karayom) o "aguja de marrear" (karayom sa paglalakbay-dagat, alalaong baga'y ang "brújula" o "mariner's compass." Sa panahong ito'y nagbago ang kaniyang kahulugan at ayon sa mga makata'y "musa" o "muse," ang diwang gumigiya sa landas na kanyang tatahakin. Kaugnay rin nito ang mga salitang *diwata* at *lakambini*. Ang ibig sabihin ng *divata* noon 1613 (SB) ay "malayo" (*remoto*) o "ilipat sa malayong lugar" (*alejarse*). Noong 1754 hangang 1860 (Noceda-Sanlucar) ito'y "malayung-malayo" (*muy distante*) ang kahulugan. Ni walang binabanggit si Serrano-Laktaw noong 1914 ukol sa salitang ito na ngayo'y nangangahulugan din ng dalagang pinaparaluman ng mga makata. Kasingkahulugan ngayon ng *lakambini* ang *diwata* o *paraluman* o reyna ng kagandahan. Ngunit alam ba ninyong ang *lacanbini* ay may ibig sabihin na "isang anito" hanggang 1860, at sinasabi ni San Buenaventura na anito o diyos-diyosang sumasakop siya sa mga sakit sa lalamunan at wala sa diksyunaryo ni Serrano-Laktaw noong 1914?

Ang pariralang "wagas at dalisay" ay makikitang una sa manuskritong diksyunaryo ni Padre San Joseph noong unang dekada ng 1600 na ginamit sa mga halimbawang "*pauang cauagasan; cadalisayan, calinisan calinangan ng asal nina Jesus na magyna.*" Ang dating kahulugan ng dalisay ay "puro at mataas na uri ng ginto na mas mataas ng mula 26 o 27 kilatis." Dito rin nagmula ang mga halimbawang "*dalisay na alac.*" Ang ibig sabihin naman noon ng *wagas*, ay "pinulbos na ginto o gintong pulbos" (oro en polvo).

Marahil ang sukdulan ng pagbabago ng mga kahulugan ng mga salita noong mga 1600 ay ang halimbawa ng salitang *bilang* na may kahulugang "alguacil" o konstable. Paano naging preso ang pulis o konstable ay isang halimbawa ng mga pagbabago ng mga salita. Noong 1860 ang kahulugan na ng *bilang* ay "encarcelar" o ipiit sa karsel o bilangguan.

Ang iba pang mga salitang ginagamit noon ay ibang-iba na ang kahulugan sa kasalukuyan. Ang "handog" noong mga 1600 ayon kina Padre San Joseph at San Buenaventura ay nangangahulugan ng "tributo" o buwis na "hinahandog" bawat taon sa mga puno ng isang barangay. Ito'y maaaring alay ng anumang bagay tulad ng mga kontribusyon para magasta sa nasabing barangay ("era costumbre de los principales quando se les ofrecia alguna cosa en que a usan de gastar echar tributo contribuyendo con vn tanto los de vn barangay y esso es handog." SJ)

Ang "losong" (ngayo'y ang kaugaliang "palusong") ay unang nangahulugan noong 1600 hanggang 1860, ng "araw na inilalagi ng

isang alipin sa kanyang panginoon upang magtrabaho.” Ngayon ang kahulugan nito’y tulad ng “pabayani” o “bayanihan,” na tulung-tulong na paggawa ng isang bagay laluna ng mga magkakapit-bahay o magkakaibigan. Ang “bayani” naman ay may kahulugan bukod sa “matapang at malakas na malakas na lalaki” noong 1600 hanggang 1750 ng “grupo ng mga tao sa pamayanan upang magtrabaho” (*community labor* o *work*). Ito ang pinagmulan ng “bayanihan” o tulung-tulong na paggawa upang matapos ang isang bagay.

Dalawang salitang ukol sa ideyang pampulitika ang nais kong ibigay pang halimbawa upang malinaw nang husto ang kalagayan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Kastila. Ito’y ang “kalayaan” at “himagsikan.” Ang kauna-unahang paggamit marahil ng salitang ito’y noong mga 1880 o kapanahon ng Kilusan sa Propaganda o Riporma sa Pilipinas at sa Espanya. Sa mga diksyunario o bokabularyo mula 1600 hanggang 1870 (mula kay San Joseph hanggang kay Rosalio Serrano) ay walang makikitang salitang “laya” o “kalayaan;” ni wala ring matatagpuan sa ilalim ng mga salitang “independencia,” “libertad,” o “ideal.” Si Pedro Serrano-Laktaw (*Diccionario*, 1889, 337) lamang ang tanging nagbigay ng salitang “kalayaan” upang mangahulugan ng “Libertad. f. Kalayaan ng tawo na gumawa o di gumawa ng balang ibigin.//Kalayaang makañgusap o gumawa nang anoman.//Ang (p. 338 lagay nang di alipin.//Kalayaan ng sinomang walang nakasusupil at sumakop.// Katalipandasan.//Kapangahasan: v. gr. aking PINANGAHASANG sinulat ang liham na ito, me tomo la LIBERTAD de escribir esta carta.” Sa ikalawang bahagi ng *Diccionario* ring ito (1914) ay matutunghayan sa pahina 433, ang “KALAYAAN. De *laya*,” at sa pahina 558 ang “Laya. Libre; independiente; liberal . . .” Una pa sa rito, ay makikita na sa nilimbag noong 1872 sa Maynila (kapanahon ng pag-aalsa sa Kabite) ni Rosalio Serrano sa kaniyang *Diccionario Manual Español-Tagalo*, ang salitang “Libertad.” Sa pahina 225 nito ay matatagpuan ang sumusunod:

LIBERTAD. f. Capangyarihan nang tawo na gumawa o di gumawa nang balang ibiguin. Ang lagay nang di alipin o di nabibilango. Capangyarihang macagaua o maca pangusap ng lahat na hindi nalalaban sa manga cautusan.—*Desenfreno* . . .”(Pansinin na ang ginamit dito’y “kapangyarihan” at hindi “kalayaan” gaya ng ginamit ng kanyang anak na si Pedro, sa itaas.)

Ang salitang “himagsikan” naman ay unang-una makikita sa pormang “bagsik” na ang ibig sabihin ay “rebelde” noong 1613 (San Buenaventura, 626). Sa pahina 515 ng bokabularyong ito matutunghayan ang “Rebelde) *Bagsic* (pc) con violencia, *nanagsic* el tal rebelde” at “Rebellion) *Pagpapamooc* (pc). Sa bokabularyo nina Padre Noceda at Sanlucar noong 1754 ay makikita na ang pormang “Hi-



magsic” na ang katuturan sa Kastila ay “Rebelarse, gobernar con rigor,” (mag-alsa o mamahala nang mabagsik).

Sa larangan pa rin ng pulitika ay mababanggit ang mga salitang “hocoman,” “balangay” at “nayon,” para sa probinsya o lalawigan at baryo. Ang mga probinsiya noong panahon ng Kastila ay hindi tinatawag ng “provincia” o “lalawigan” kung hindi ng “hukuman,” halimbawa ay Hocoman ng Maynila, ng Kawit, o ng Laguna. Ito’y sa dahilang and isang “Hocoman” o “Alcaldia,” ay pinamumunuan ng isang Alcalde Mayor o “hocom” sapagkat bukod sa pagiging alkalde ng isang probinsiya ay huwes o hukom pa rin siya nito. Noong mga 1600, kay San Joseph ay makikitang ang “hocom” ay may kahulugang “juez o sentencia” at ng “hocoman” ng “el tribunal.” Kay San Buenaventura noong 1613, ang “hocom” naman ay nanganahulugan ng alinman sa “alcalde mayor, sentencia, iuzga, iusticia, iuez, o uicio.” Hanggang sa panahon ng Himagsikan ng Pilipinas (1896-1897), ay ginamit pa rin ang “Hukuman”, na sa mga dokumento ukol sa pagsanib sa Katipunan ay dinaglat na Hkan.”

Katulad pa rin ng kahulugan ang salitang “hocom” at “hocoman” sa bokabularyo nina Padre Noceda at Sanlucar noong 1754, na nagbigay rin sa unang pagkakataon ng salitang “lalawigan” na ang ibig sabihin ay “puerto, o donde se anclan las Naves,” na hindi matatagpuan kapwa kina Padre San Joseph o San Buenaventura. Karaniwan ng mga kabisera sa Pilipinas ay mga daungan, o lugar na kung saan tumitigil o nag-aangkla ang mga sasakyang-dagat. Hanggang 1914, ang “lawigan” o “lalawigan,” ay may ibig sabihin pa ring “puerto, golfo; ancladero; muelle.”

Ang barangay naman noong mga 1610 (SJ) ay may ibig sabihin na “pangkaraniwang sasakyan” (*navio común*), at noong 1613 (SB), ay dalawang kahulugan na “sasakyang-dagat (*navio*), at sa unang pagkakataon, ay nangahulugan ng “barrio” (p. 627). Noong 1754 ayon kina Noceda-Sanlucar, ang “balangay” ay “navio grande de doze hasta diez y seis hombres” (isang malaking sasakyang-dagat na may (lulang) 12 hanggang 16 katao), at may ibig sabihin naman ngayon, ng “complexo, o junta de varios, (alalaong baga’y barrios) “pinagsama-samang mga baryo,” na napanatili ang kahulugan sa ikatlong edisyon ng nasabing bokabularyo noong 1860. Ang “nayon” naman, ay unang nangahulugan ng “mga bukid o bayan na magkakalapit” (sementeras o pueblos q estan cerca), gaya ng pagkakasulat ni Padre San Buenaventura noong 1613 at pagbibigay pa ng mga halimbawang “*canayon nang Lumbang ang Payti*” (estan o son zircunuecinos Paete y Luban) na ang ibig sabihin ay magkakalapit-bayan ang Lumbang at Paete sa lalawigan ng Laguna. Ito’y magpapatuloy ng kahulugan hanggang 1860 ngunit sa pagdating ng 1914, ay may kahulugan na “barrio” gaya ngayon (Serrano-Laktaw, 858).

Ang buhay ng mga Pilipino na mga sinaunang Tagalog ang ibinibigay na halimbawa ay mababanaagan at mabibigyang-muli ng buhay sa pamamagitan ng mga salitang pinagamit noon at sa pamamagitan ng mga pagyao't dito nila sa mga ilog, lawa at maging dagat na ginagamitan ng mga sasakyan sa tubig. Maraming katawagan ang makikita sa mga diksyunario at bokabularyo noong 1600 hanggang 1900 ukol sa mga ito. Ngunit nais kong bigyang-diin ang mga salitang "luwas," "pulilan," "hibaybayan," at "banyaga."

Bakit Maynila lamang ang tinutukoy noon at ngayon kapag sinabing "luwas" o "lumuwas"? Ayon sa pinakaunang bokabularyong sinulat, ang manuskritong bokabularyo ni Padre San Joseph, ang "Louas," ay "ang naninirahan sa itaas ng ilog o yaong pumupunta sa ilog pababang Maynila," (el que vive rio arriba y va por el rio abaxo a Manila), halimbawa'y "Longmouas sa Maynila." Ayon kay Padre San Buenaventura (p. 372), and "Louas" ay "ir a Manila los de lalaguna y tinges, *lungmolouas*. 1. ac. 1. *naglolouas*. 2. ir a Manila, *ylinolouas*. 1. P. lo que lleva agender, *linolouas*. 1. lo aque va alla. imp.) *lumouas ca*, va a Manila, *anong ylolouas co?* que e de lleuar alli, *louasin*, va por tal a Manila." Kaya, ang *luwas* ay nangangahulugan ng "pumunta sa Maynila sa lawa (ng Laguna) at mga kabundukan (tingue)," at ang *pulilan* nama'y "pumunta mula sa Maynila sa lawa ng Bai" (ir los de Manila a lalaguna de Bay). Sa halimbawang ibinigay niya "*Maygi at acoy mamumulilan hani*: bueno tera ir yo a la laguna, quete parece? *Mamulilan ca*, va alalaguna de Bay," mapapansin ang kaibhang ito. Noong mga 1600, ang Laguna de Bay (SB, 383) ang katawagang pambalana para sa nasabing lawa, ay "Dagat." Ang "pulilan" naman ang tawag sa "Laguna de Bay" mula sa Maynila (Laguna de Bay en respeto de Manila). Ang "Doongan" ang tawag ng mga taga-Bondoc at Tinguianes sa "Laguna." Ang "hibaybayan" naman ay mga bayang magkakalapit o "cahibaybayan" o isa sa mga bayang magkalapit, kaya kapag sinabing "nagcacahibaybayan ang Nagcalang ang Lilio," ang ibig sabih'y magkalapit-bayan ang Nagcarlan at Liliw.

Ang kahulugan ng "banyaga" noong mga 1600 (SJ), ay "mga mangangalakal na nagbibili't bumibili sa kanilang mga sasakyang-dagat" (Tratante que en sus embarcaciones venden y compran). Kay SB, ang mga "banyaga" ay "mga mangangalakal na pumupunta sa iba't-ibang bayan" (tratante q anda de un pueblo en otro) o mga "naglalako" (mercachiste). Noong 1754 (Noceda-Sanlucar), ang "banyaga" ay nag-iba na ng katuturan at naging "maglalako bilang taga-ibang bayan (estrangero) sa iba't-ibang bayan" (el que anda de Pueblo en Pueblo como estrangero) o yaong mga nagtitinda ng mga maliliit na bagay sa isang maliit na bangka (o con su banquilla vendiendo cosilla). Dito'y magkakaroon na tayo ng ideya kung paano

nabubuhay ang mga sinaunang Pilipino sa pagtitinda, pagbibili at pag-yao't dito ng mga tao sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas, hindi lamang sa Katagalugan. Hanggang mga 1860, ang kahulugan ng *banyaga* ay hindi nagbago katulad noong kalagitnaan ng ika-18 dantaon. Walang itinalang *banyaga* si Serrano-Laktaw sa kanyang *Diccionario* noong 1914.

Hanggang 1860, ang ibig sabihin ng *polot gata* ay "gata ng niyog na may pulot" (leche de coco con miel), ayon kay Noceda-Sanlucar (p. 259), at hindi ng "honeymoon" tulad ngayon. Noong 1914, ito'y may kahulugang "gata ng niyog na may pulot o asukal" (leche coco con miel o azucar) ayon kay Serrano-Laktaw (p. 1988), na nadagdagan pa ng patalinghagang kahulugan na "exquisito, ta; rico & ca. adj." (napakainman, masarap) at pamilyar na kahulugang sabes a gloria" alamin ang luwalhati).

#### PAGDADAMIT AT PALAMUTI SA KATAWAN

Buuin natin sa pamamagitan ng diksyunaryo't bokabularyo kung paano nagdadamit at nag-aayos ng katawan ang mga sinaunang Tagalog noong mga 1600 o maaaring maaga pa sa rito. *Sagisag* ang ginagawa ng mga pino ng balangay noong araw. Ang mga nasabing punong ito lamang ang tanging nakapagsusuot ng yari sa balahibo ng mga ibon at baboy-damo na tinawag nilang *sagisag*, at ginagawa ring *putong*. Hindi ito maaaring suutin ng mga mabababang uri ng tao. Potong naman ang tawag sa putol na damit na ipinipilipit sa ulo na parang sumbrero ng mga lalaki.

Ang mga babai'y gumagamit ng *tapis* at *baro* naman yaong mga lalaki. Ayon kay Padre Francisco Blancas de San Joseph, *tapi* yaong ginagamit na kumot na bumabalot sa mga lalaki; *tápis* naman ang dinadamit ng mga babai. Ang *baro* ay malapad at malaking saya. Ang *bahag* ang nagsilbing salawal noon. Bukod dito'y gumamit din sila ng *lambong* at *pangitcquit* (pangitkit), na isang uri ng malapad na damit.

Katulad din ngayo'y gumagamit ng mga alahas na karaniwang yari sa ginto, tumbaga o iba pang metal o batong mamahalin bilang adorno sa katawan, maging babai o lalaki. Mula ulo hanggang paa, ay mabubuo ang sumusunod, ayon sa pag-aaral na ginawa. Ang mga ito'y yari sa gintong lahat na nagpapahiwatig din ng kaalaman ng mga Pilipino sa metalurhiya.

Ang *basong basong* o *busong busong* ay koronang ginto na isinusuot lamang ng mga katalonan sa mga okasyong solemnata at *sinampaga* naman yaong maliit na bulaklak na kinakabit sa koronang ginto.

Para sa mga tainga, ay gumamit sila ng hikaw na yari sa ginto, halimbawa'y ng tinga, binobo at souang. Mayroon ding hikaw na yari sa tingga na tinawag na *binantoc* at *bitaybitay*. Para sa leeg, ay may isinasabit silang iba't-ibang uri ng kuwintas na *toloytoloy*, *galit*, *binay-soc*, *bogtongan*, *tinicbuli*, *sinooban* at *tinigbi*. (Pansinin na ang katawagan ay batay minsan sa hugis ng mga halaman tulad ng buli (*Corypha elata* Roxb.) o tigbi (*Coix lachryma-jobi* L.) at lumao'y ng "sinampalok" o "kinamatsili" kaya.) Ang katawagan ay ayon sa kulay, hugis o batong nakakabit. Bukod dito'y may sarisari pang kadenang ginto na maninipis o matataba, may marami o kaunting ikit ng pagkakagawa. Sa klase lamang ng mga kadena ay may labing-isang uri ang naitala sa mga diksyunaryo't bokabularyong sinaliksik. Kabilang na rito ang *barbar*, *calibir*, *caniag*, *locaylocayan*, *pamicti*, at *sinoyot*. Bukod dito'y may mga brotse, piligrana o tamburin pang ipinang-adorno ang mga ninuno natin.

Para sa mga kamay at daliri ay may samutsaring pulseras o singsing silang ginamit na palamuti. Ang *galáng* ay pulseras ng babae na medyo mabigat at maikli. samantalang ang *calombigas* naman ay pulseras ng lalaki at mabigat at pinalamutihan ng mga piraso ng bilog na ginto. Bukod sa pulseras na metal, ay gumamit din sila ng yari sa bubog (*manic* o *minanic*) na berde o asul o puting bato. Ang mga singsing naman ay niyari sa ginto, pilak o mamahaling bato. May tinawag silang *sangauali*, *biniyoas*, *simpac*, *hinagonoy*, *linantay* o *pamopot*. Ayon kay Padre San Joseph, ang mga uri ng singsing ay *macayoyao*, *hinagonoy*, *cauitcauit*, *sinancala*, *pinolo*, *gipongiponan* at *tinagataga*.

Para sa mga binti, ay nagsuot sila ng *butic* o *bitic* bilang palamuti. Para maging ganap ang pagpapaganda nila sa katawan, ay naglagay rin sila ng ginto sa mga ngipin, na tinawag na pusal.

## BUHAY PANG-EKONOMIKO

Para malaman ang samutsaring kalakal na nagmula sa iba't-ibang bansa, ay nakatulong ang mga salitang "manta" (kumot) at "tinaja" (tapayan) sa pagtutunton. Halimbawa'y nakatala na naki-pagkalakalan ng Pilipinas noong 1600 o maaga pa sa rito, batay sa mga tela o kumot na dinala rito mula sa Borneo, ang ngayo'y Kalimantan (cayompata, na hinabi sa ginto at maraming kakaibang burda; *talam pocan*; *calicam*, telang pino at walang ginto't hinabi sa bulak at seda), ayon kay Padre San Buenaventura. Ayon naman kay Padre San Jose, ang mga sumusunod ay nagmula sa Borneo: *cayumpata*, *talam pocan*, *unlayagan*, *calicam*, *cayontolis*, *sapacsatol*, *calicot* at *sapotangan*. Mula naman sa Tsina, ay inangkat natin ang *ysing* (ising), isang telang itim na makintab at *candacqi* (kandaki) ang tawag kapag

tumagal. Ang *husi* na isang uri ng seda ay galing din sa Tsina. *Sinagitlog* ang kumot na pinintahan at may iba't-ibang uri na galing naman sa Hapon. Nagpapahiwatig din ang mga diksyunaryo't bokabularyo ukol sa masulong na industriya ng paghahabi noong mga panahong yaon sa Kailukuhan at Kabisayaan. Ito'y masasalamain sa mga sarisaring kumot—Ilukanong *balindang* (ordinaryong kumot), *talinga* (may burda sa gilid) at *binangcal* (may kulay). Sa Kabisayaan, hinahabi ang mga *lamput* (lompot) o kumot na samutsari ang katawagan. Halimbawa, kapag kulay kayumanggi at matibay ay *socób* at kapag puti, ay *minalón* (marahil ay galing sa salitang *malong*).

Isa pang industriyang masulong noon, ay ang paggawa ng mga palayok. Mababanaag sa mga katawagang matatagpuan sa mga diksyunaryo't bokabularyong pinag-aralan ang mga iba't-ibang uri ng mga palayok at tapayang ginawa ng mga ninuno natin noon. Ang mga ito'y inuri ayon sa hugis, laki, istilo, kulay, kagamitan at pinanggalingan. Dito makikita ang kalawakan ng imahinasyon ng mga sinaunang Tagalog.

Halimbawa, ang mga palayok, batay sa laki't hugis, ay may iba't-ibang pangalan. *Daba*, kapag napakalaki; *catingan*, kapag may kalakihan, at *anglit* kapag napakaliit. Ang mga gumagawa ng palayok ay *magpapalioc* o *mamimipi*. Lumalabas mula sa mga halimbawa ng mga pangungusap na nakatala, na Pasig (ngayo'y sakop ng Metro Manila sa lalawigan ng Rizal), ang sentro ng gawaan ng mga palayok noong mga 1600 o marahil ay maaga pa sa rito, ayon kay Padre Blancas de San Joseph, at sa nayon ng Buting (sa Pasig din, ayon naman kay Padre Domingo de los Santos noong 1790 o maaga pa). Ngayo'y sa Rosario (Rusadyo) sa Pasig din, inilipat ang pinakamalaking pagawaan ng mga palayok sa kasalukuyang panahon.

May mga ginawa silang palayok at mga kauri nito upang paglagyan ng tubig, alak, suka o langis, bukod sa pagiging lutuan ng mga pagkain. Ang mga tapayang yari sa putik na karaniwang nagmumula sa Tsina ay tinawag na *sinamong*, *tacal* o *tampayac*, *gaboc*, *taryao* at *angang* (ang-ang). Yaong malapad, ay tinawag na *dayopapac*; yaong maliit, *bobocsit*; yaong makitid ang bunganga ay *qimpót* (kimpot); yaong maliit na maliit, ay *sosoán* o *gusigusian*. Yaong maliit o malaking tapayang putik na galing sa Tsina ay tinawag nilang *gusi*. Kapag *gusing maladohat* (o *maladohat* o *balat dohat*, mula sa bungang-kahoy na duhat (*Eugenia cumini* (Linn.) Merr.) ang tawag, ito'y maliit, maitim at matabang gusi na galing naman sa Borneo. *Toytoy* ang tawag doon sa may tapayang may malaking bokilya (spout). Mapapansin sa mga uri ng mga tapayang itinala halimbawa ni Padre San Buenaventura ang lugar na pinanggalingan o pagawaan nito: *tapayang Bunlay* (mula sa Borneo; pansinin din ang Ilukanong

*bornay*), *tapayan Iapon* (mula sa Hapon) at ang *tapayan Sangley* (mula sa Tsina).

Kaugnay ng mga palayok, tapayan, gusi at mga kauri, ay ang mga pinggan. Ito'y mahalaga sa pagrerekonstruksyon ng buhay-panlipunan ng mga Pilipino, sapagkat batid natin, na ayon sa paniniwala noo'y kabilang sa mga "pabaong" inililibing kasama ng mga bangkay (grave furniture) ay mga pinggan at banga, sa pagtawid sa kabilang-buhay. Ito'y pinatutunayan ng mga libu-libong pinggan at bangang nahukay sa iba't-ibang panig sa Sangkapuluan ng mga arkeologo at ang mga di-sanay na kolektor ng mga antigong bagay. Ito'y inuri rin, ayon sa laki at hugis, kulay, at paggagamitan ng pinggan. Kaya may *pingang malacqi* at *pingang munti*. Yaong malaki'y tinawag na *dinolang*, *talambo* at *balangolan*. Mayroon silang tinawag na *cacanan*, *casiyohan* o *panangaban* (pinggang may pangkaraniwang laki at hugis); *binubulacan* o *binolacan* (malaki at puting lahat ang kulay na parang bulak); humangar o *panangahan* (medyo maliit ngunit higit na malaki roon sa isinisilbing pangkaraniwan) at *souic* (platito). Bukod dito'y ginamit din ang mga plato't platito sa pag-aalay sa mga anito at mga namatay. Gumamit din ang mga sinaunang Tagalog ng platong yari sa mga dahon ng niyog na tinawag na *sinamat*; *dámputan* naman yaong *sinamat* na maliit na yari mula sa dahon ng sasa o nipa.

#### PAGLALARO, PAG-AALIW AT PAGESUSUGAL

Halos walang dokumentong naglalarawan ng mga uri ng laro o pag-aaliw na ginawa ng mga Pilipino laluna ang mga kabataan. Ngunit ang mga diksyunaryo't bokabularyong manuskrito at limbag na sinulat mula noong mga 1600 hanggang 1900 ay nagbigay ng mga klase ng mga laro at pati ng sugal bagaman ang iba nito'y kundi man **detalyado** ay nagbibigay naman ng mga pahiwatig o "hints" ukol dito. Halimbawa, ibinibigay sa mga sangguniang-aklat na aking ginamit ang mga larong ginagamitan ng mga basag at hinugisang bilog na bibinga o tisa, sigay o kabibi, maliliit na putol ng kahoy (palilyo o palito), tubó, bao ng niyog o bato kaya. Ang mga larong pambata noong mga 1600 halimbawang ginagamitan ng mga piraso ng mabibilog na bibinga o tisa o pamangingin, ay tinawag na *tibaláy* at *bingcáy*. Ang huli'y nilalaro sa pamamagitan ng paa, ngunit hindi tinutukoy ang iba pang detalye ni Padre San Joseph tulad din ng tibalay. Pinatutunayan na ang mga bilog na piraso ng basag na palayok o bibinga o tisa na nahukay sa mga libingan ng mga sinaunang Tagalog sa Laguna't iba pang dako ng Kapuluan, na ito'y may kinalaman sa paglalaro. Ang mga larong *bingcáy*, *buyóg*, *siclot*, *bulalat* at *sintac*, ay gumagamit ng kabibi o sigay. Ang mga larong *rampotan* (damputan) o *patir* (patid) ay parang ahedres ang paglalaro, alalaong baga'y naglalagay ng isang bato at kinukuha ng kalaban ang isa. Ang *baco* ay

paglalaro ng *honosan* na inilalagay sa ibabaw o ulo ang palito at kinukuha ang pinakamahaba. Ito rin ang larong *sagam* o *salam* nina Padre Noceda at Sanlucar. Ang *bogtac* ay biyakan ng tubo o kawayan na inilalagay sa lupa at binibiyak sa gitna, na nilalaro na noong mga unang taon ng 1600 o maaaring maaga pa sa rito. Maalaalang ang "biyakan ng tubo" ay paboritong aliwan pa ng mga dalaga't binata noong mga 1920. Ang *sungka* ay kakatwang hindi binabanggit bago mag-ikalabingsiyam na siglo, tulad din ng mga larong *piko* at *tubigan* (patintero) na itinala lamang sa diksyunaryo ni Pedro Serrano-Laktaw noong 1914. Ang mga larong ginagamitan ng bao ng niyog ay tinawag ding *bao*, ay pukpukan ng magkabiyak na pares nito. Si Serrano-Laktaw (1914, 114) rin, ang naglarawan nang detalyado ng popular na larong tinawag na *bao* noong panahon ng Kastila at unang mga dekada ng Amerikano. Ito'y nilalaro sa pamamagitan ng bao ng niyog at kawayan na nakabalagbag sa lupa. Ito'y binubuo ng labing-isang paraan o "steps" mula sa *manohan* hanggang *lingay*. Ang iba pang "steps" nito'y binubuo ng *kanlahig*, *kansipit*, *kanlalim*, *kanbubong*, *luksong kabayo*, *kampasen*, *tampal-binti*, *kangbao* o *kubakob*, *kangurong* at *San Juan*, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Hindi matiyak kina Noceda at Sanlucar (1860), kung ang *imbos* at *pasitlay* ay paglalaro rin ng mga biyak na bao ng niyog. Gayunpaman, isa sa detalyadong laro noong panahon ng Kastila't mga unang taon ng pananakop ng mga Amerikano'y ang *bao* nga.

Ang mga larong pambatang lalaki noong mga 1860 ay ang *sali-bongbong* o *sambobong*, *salongquit*, *satol*, *sicling-sicling*, *tubigan* (ito kaya ang patintero sa kasalukuyang panahon?) at *quirquir* (kidkid). Ang *coro* o *sintac* ay larong pambabai lamang, ngunit ang *siclot* ay para sa mga batang babai't lalaki. Nakapanghihinayang lamang na hindi naibigay ang mga detalye ng larong ito katulad din ng mga nangabanggit sa itaas.

Ang labanan ng trumpo na tinawag na *pasil*, ang *qisqisan* (kiskisan o laro ng bola sa pamamagitan ng paleta), ang *tayacar* (taya-kád) o *sayupang* (bamboo stilts) upang ilakad o itakbo, ay ilan sa mga larong pambata noong ika-19 na siglo na naglalarawan ng mga imahinasyon at katalinuhan sa paggamit ng mga bagay sa kanilang kapaligiran upang maaliw.

Bukod sa mga laro'y may mga sugal ding hinihinuhang maaaring nanggaling sa ibang bansa gaya ng Espanya at Tsina na ginamitan ng baraha at sabihin pa'y ng *sabong*, *topada* o *sapiac*. Sa katunayan, iba't-ibang kulay ng mga sasabunging manok ang makikita sa mga diksyunaryo't bokabularyo: *malamaya* (matingkad na pulang halos itim ang mga balahibo); *malatuba* (may mapulang balahibo); *mayahin* (kulay ng ibong maya); *bacõgin* (kulay bakong o asusena);

*bancás* (may iba't-ibang kulay ng balahibo); *lasac* (puti o kulayan); *pangatigan* (iba't-ibang balahibo); *alimboyoguin* (pulang manok na may mga itim na paa't balahibong nababahiran ng itim) at *hilirao* (hiraw, may puting balahibong may mga batik na luntian).

Sinasabi ring mahihiligin ang sinaunang Pilipino sa mga awit at tugtugin. Ito'y pinatutunayan sa napakaraming uri ng awit na kani-lang ginagawa sa iba't-ibang aspekto ng ikot ng buhay, mula pagsilang hanggang kamatayan. Mula sa diksyunaryo't bokabularyong aking sinaliksik ay mabubuo ang mga sumusunod na awitin at tugtugin noong mga 1600 hanggang unang taon ng ika-19 na siglo.

Para matulog ang bata'y inaawit ang *oyayi*, *hinli*, *hilina*, *hili na*, o *holona*. Ang *dulayinin* (dolayanin) ay awiting panlansangan. Ang *diyona* (*diona* o *doriyona*) ay awiting pantahanan o awit sa pag-iisang-dibdib at ng mga manlalasing. Bukod dito'y may awitin pa ring kinakanta sa mga inuman ng alak, ang *hilirao* at *sambotarin*. Habang sila'y namamangka o gumagaod ng bangka ay kumakanta sila ng *dupaynin* (*dopayinin* o *dupayinin*), *balincongcong*, *horlo* (*holohorlo*), *soliranin* (*mangpasin*), at *hila*. Upang bumilis ang pagga-gaod ay inaawit nila ang *daguiray*. Ayon sa pagkakataon ay may masaya o malungkot silang mga awitin. Ang *ombay* o *sambitan* ay malungkot na awit na karaniwang kinakanta ng mga ulila. Ang *yndolanin* (*indolanin*) ay awit na seryoso at ibang tono. Ang *omiging* (*umiguing*) ay malambing at malumanay na awitin na pinanginginig pa ang boses ("garganteado la voz"), samantalang ang *caguinguing* (*kagingking*), ay awit para sa mga anito upang gumaling ang maysakit at isang awit na may paggalang. Ang *sambit* (*sambitan* o *panambitan*) ay awit para sa mga patay. Ang *tagompay* ay awit ng mga nanalo; ang *dayao* naman ay awit ng tagumpay na dala-dala ang napanalunan.

### MGA TIMBANG AT PANUKAT

May iba't-ibang katawagan ang mga sinaunang Tagalog ukol sa mga timbang at panukat. *Picul* ang pinakamabigat na timbang na bale 100 *kati* o 1600 *tahil*. Hindi ito ginamit sa pagtimbang ng ginto at sa iba pang mahahalagang metal. Sa halip, mga buto ng *kupang* (*Parkia roxburghii* G. Don, 1) at *saga* (*Abrus precatorius* L.), gaya halimbawa ng isang saga (*sangasahe*).

Ayon kay San Joseph, ang walong (8) *sinantan* ay katumbas ng isang *quintal*; at sampung *sinantan* ay katumbas ng *pico*.

Para magkaroon ng kongkretong ideya ukol sa mga timbang noon, ay narito ang sumusunod na mga katawagang kinalap mula sa iba't-ibang diksyunario kasama na ang kina Noceda at Sanlucar ng 1860:



<i>sinantan (chinanta)</i>	== 160 <i>tahil</i> o 10 <i>kati</i>
<i>cati (catty)</i>	== 16 <i>tahil</i> o <i>tael</i> (22 onza)
<i>soco</i>	== 8 <i>tahil</i> ( $\frac{1}{2}$ libra; cate y medio)
<i>banal</i>	== 5 <i>tahil</i> (5 onza)
<i>tahil (tael)</i>	== 16 <i>amas</i> (10 reales)
<i>paroni</i>	== $\frac{5}{8}$ <i>tahil</i> (10 <i>amas</i> o 10 maices de oro)
<i>tinga</i>	== $\frac{1}{2}$ <i>tahil</i> (8 <i>amas</i> o 5 reales de plata)
<i>tingambala (tigambala)</i>	== $\frac{3}{8}$ <i>tahil</i> (6 <i>amas</i> o 6 maices de oro)
<i>sapaha</i>	== $\frac{1}{4}$ <i>tahil</i> (4 <i>amas</i> o 4 maices de oro)
<i>amas (mas, mace)</i>	== $\frac{1}{16}$ <i>tahil</i> o 10 <i>conding</i> ( <i>kunding</i> , <i>condrin</i> o decima-sexta de tael)
<i>sima</i>	== $\frac{1}{28}$ <i>tahil</i> o $\frac{5-5}{7}$ <i>conding</i>
<i>balabato</i>	== $\frac{1}{32}$ <i>tahil</i> o 5 <i>conding</i>
<i>conding (kunding)</i>	== $\frac{1}{160}$ <i>tahil</i> o octava parte de un real

Si Padre San Joseph din ang nagwikang ang *tahil* ay katumbas ng dalawang *tostones* at  $\frac{1}{2}$  *pilak*; ang  $\frac{1}{2}$  *sapaha* ay 2 *amas*; ang isang *tahil* ay *sangtahil na manapat*; ang 20 *amas* ay *mei caluan sapaha*; ang  $\frac{1}{2}$  *amas* ay *balabato*; ang 3 *copang (kupang)* ay isang *amas*; ang *sangbahay* ay  $\frac{1}{2}$  *balabato*; ang 16 *na saga* ay isang *amas*; ang 16 *amas* ay isang *tahil*, at ang isang *tahil* at 8 *amas* ( $6\frac{1}{2}$ ) ay katumbas ng isang *tinga*.

Mayroon din silang katawagang ginagamit sa pagsusukat ng mga bagay tulad ng bigas o iba pang uri ng mga butil—ang *caban*. Ang isang *caban* ay binubuo ng 25 *salop* o *ganta*; ang *pitohan* halimbawa'y nangangahulugan ng *pitong salop*. Ang haba ay sinusukat sa pamamagitan ng paggamit ng *dapal* na nangangahulugang apat na daliri at ng *pandipa* na nangangahulugang isang “braza,” ay ginagamit sa pagsukat ng kahoy o kawayan. Ang lupa ay sinusukat sa pamamagitan ng *quiñon* o *qiñong (kinyong)*, na 100 braza ang lapad o *balitang*. *Bongol* ang gamit sa pagtatakal ng langis ng linga (sesame oil). Ang mga tuyo o basang bagay ay sinusukat sa pamamagitan ng *panocat* (panukat) na yari sa kawayan. Karaniwang gamitin ang *salop* na yari sa kawayan o bumbong ng kawayan at palasak na ginagamit sa pagsukat ng lahat ng bagay. Ang *gahin* ay isang sukat na kung minsan ay sangkapat o saikanim ng isang *salop*. Ang *pitis* ay kawayan o kahoy na katumbas ng 4 na *gahinan* o kalahating *salop*.

Mapapansing ang ginamit na batayan ng pagtimbang ng ginto ay mga buto ng halaman o punong-kahoy na iba't-ibang hugis, tulad ng palay, saga, bulay (isang uri ng mga malalaking habitsuwelas) o kupang. Ang isang *capalay* ay isang butil na ginto o isang *saga*, ang pinakamababang bigat sa pagtimbang ng ginto.

Ang ilang “classifiers” na ginagamit noon ay *calicao (sang-licaun)* para sa isang ikit o rolyo ng mitsa, tali, alambre, atbp.;

*ayicquir* (*sangayicquiran*) para sa balumbon ng buli, sintas, atbp.; *calolon* (*sanglolonan*) para sa banig, kumot, panyo, atbp.

Mababanggit ang ilang ginagamit na pera gaya ng *calatiyo* (kalatyo) na isang pagaril ng salitang *quartillo* ( $\frac{1}{2}$  real) o  $\frac{1}{16}$  real ang *cunding* na katumbas ng  $\frac{1}{2}$  ( $\frac{1}{8}$  real) o  $\frac{1}{3}$  real at *alimaymay* na katumbas ng isang cornado,  $\frac{1}{64}$ ,  $\frac{1}{16}$  reales o  $\frac{1}{4}$  caurtillos.

Ang palengke noong 1600 hanggang kalagitnaan ng 1700 ay tinawag na *parian* (SJ, SB, Noceda-Sanlucar). Ang *talipapa* o *tiyanggi* ngayon ay tinawag na Laguna ng *sugat* (SB) na isang palengke na nagbibili ng kaunting saging, atbp. at sa may takdang araw (ng *sugatan*). Ang tindahan sa may bukid ay tinawag na *butocan*.

### PANANAMPALATAYA

Bagamat walang malakas na organisasyong pangrelihiyon batay sa kawalan ng mga templo ang mga sinaunang Tagalog ay may mga *katolonan* (babaing pari) na tinutulungan ng mga *alagar* (alagad) (SJ). *Masirhi* (masidhi) ang tawag sa mga katolonan (perpektong propeta) “q. acentaua en lo q. dezia”. (SJ). Sa mga simbahang tinatawag na *baláybálay* pinaghahainan ng kanilang mga anito (SJ). *Tarotaro* ang tawag sa mga katolonan na walang malay at sinasapian (“palabra con que llamaban a las catolonas en sus angustias; y asi en temblando,” Noceda-Sanlucar). *Batog* naman ang pagtatanong sa mga katolonan (“preguntase a las catolonas”, Noceda-Sanlucar).

Ang anito ay idolo o kaluluwa ng nakaraan. Ito rin ay nanganahulugan ng mga alay at dasal para sa mga kaluluwa at mga namatay na kaibigan o kamag-anak na tinatawag na *nag-aanito*. (SB, SJ, Noceda-Sanlucar). Ang mga hinahaing bagay ay tulad ng mga banig na puno ng bungangkahoy, kakanin, ginto at iba pa. Ang gintong alay ay ibinibigay na katolonan, (SB). Iba't-ibang bagay ang iniaalay o inihahain para sa mga anito. *Boñgoy* ang inihahain sa anito ng mga maysakit upang gumaling. *Padugo* ang ibinibigay na dumalaga o iba pang hayop sa maysakit na binubuo ng dalawang manok (isang tandang at isang dumalaga) na “pinag-iisang dibdib” at pagkatapos ay pinupugutan ng ulo't inihahain sa anito na nagdurugo at sinasambit ang sumpang “padugo ca.” *Dahon* ang tawag sa alay sa anito ng ilang dahon (ngunit hindi matiyak kung anong uri ito sa diksyunaryo) “las quales estauan dedicadas para solo este efecto, esto basta sera nunca acabar” (na iniaalay para lamang sa bagay na ito). *Alay* ang inilalagay nang una sa mga anito at noong 1613 ay inilalagay ng mga inanyayahan.

Upang gumaling ang maysakit ay *nagdiriwang* sila o umaawit para sa mga anito. Nag-iingay sila nang husto sa pamamagitan ng

mga paa, pinagagalaw ang mga dibdib, at nagtutugtog sa sahig ng isang maliit na kawayan (SJ).

Ang *sonat* ang pinakamataas na pari sa lahat, ang “maestro sa lahat na manga mantala saona” (SB, USTMS) na nanggaling sa mga taga-Borneo. Ito rin ang tawag sa pagtutuli sa mga babai. Ang mga pari ay tinatawag na catolonan (katolonan) at karaniwang ginagampanan ng mga babai (SB) na kinatatakutan ng lahat sapagkat pina-niwalaang silang maaaring pumatay at magbigay ng buhay dahilan sa kanilang pangkukulam (SB).

### HERARKIYANG PANGRELIHIYON

Ang *pandot* ay ang pinakamaringal na sakripisyong ginagawa ng mga puno ng balangay noong unang panahon. Ito’y isinasagawa sa gabi ng mga mabababa’t matataas na tao sa bukid sa ilalim ng punong balite (*Ficus sp.*). Lahat sila’y nagdadala ng mga nakakain, mga alay na banig, bulak, at iba pang bagay na isinasabit sa mga puno’t doon iniwan. Sila’y nagkakainan, nag-iinuman hanggang sa bumagsak sa pagkalango. Paniwala nila noon na ito’y magpapatahimik sa anito na sinasabing nasa sa paligid nila ayon sa katolonan (SB). Sinasabing sila’y “nagpapandot” at ang puno’y “ypinagpandot,” (USTMS).

Ang mga sinaunang Tagalog ay naniniwala sa Bathala, ang pinakamataas sa lahat ng mga Diyos (SJ, SB). Ang salitang *campan* ay ginagamit lamang noon para sa Bathala’t hindi maaaring ikapit sa tao (“no es palabra que puede caber un hombre solo antiguamente lo aplicaua el Bathala es principal para Dios; ‘abarcar, y comprenderlo todo.’ Ang P. Dios ang nacacampan sa lahat.” NSL).

*Licha* o *larawan* ang tawag nila sa kanilang mga anito, idolo, o istatwa. Iba’t-ibang anito ang sinasamba nila: Si *Amanicable* ang idolo ng mga mangangaso; *Amansinaya* (Sinaya), ang idolo ng mga mangingisda; si *Lacambini*, ang anito o diyos na sumasakop sa mga sakit sa lalamunan (SB); si *Lacapati* (Lakan Pati), ang anito ng kabukiran at si *Lachan Bacor* (Lakan Bacod), isa ring anito. Ang *licha’y* (likha) pinapalamutihan nila ng kadenang ginto at iba pang bagay na pangdekorasyon (SB).

Ang lugar na pinag-aalayan ng anito ay tinatawag na *pinag-aanitohan* (USTMS) o *pag anitohan* (Noceda-Sanlucar) at ang gumagawa nito’y ang *palaanito* (Noceda-Sanlucar).

*Samba* ang paggalang na sinasabi ni Trinidad H. Pardo de Tavera, *El sanscrito en la lengua tagalog* (Paris, 1887), na pinagdadaop ang dalawang palad sa ibabaw ng dibdib, kung aalagataing sinabi ni Noceda-Sanlucar na “*samba*, adorar puestas las manos” ngunit hindi

naman binabanggit kung sa ibabaw ng dibdib. Ayon kay Padre Diego Bergaño, *Vocabulario de la lengua pampanga* (2. ed.; Manila, 1860), p. 203, "*samba*, adorar puestas las manos debajo del pecho con inclinacion, haciendo reverencia, y de aqui, adorar." Kabaligtaran ito ng *dapa*, na sumusubob (ang mukha nang paibaba) sa lupa.

### MGA PANGITAIN

Maraming mga pangitain at pamahiing, pinaniniwalaan ng mga Tagalog ukol sa mga hayop tulad ng butiki, ahas, at daga. Sila'y bumabalik at hindi nagpapatuloy sa paglalakbay kapag nakakita ng umiingit o humuhuning hayop na binanggit. Naniniwala rin sila sa mga taong sobrenatural tulad ng *patiyanak*, aswang at iba't-ibang mangkukulam, *magtatanggal* (manananggal), tikbalang at kauri.

Ang *patiyana* ay nanggaling sa mga babaing namatay sa panganganak na nagiging duwende diumano at tinatawag ang lahat ng mga pangalan at sinumang sumagot ay namamatay (SB). Tinatawag ding *tiyanak*, *tiana* at *tojanor* (tumanod). Ang *mangcocolam* (mangkukulam) ay tinatawag ding *hocloban* o *manhihicap* at lahat nang maituro ng daliri niya'y namamatay (SJ, SB). Ang *silagan* ay mangkukulam na hindi lumilipad at kumakain ng atay ng tao. Ito'y dalawang magkasiping na natutulog na ang isa'y nakabaro ng puti't ang isa'y itim (SB).

Ang *tigmamanuquin* ay ibong pinagmamasdan kung ito'y lumilipad sa mga daan o bayan mula sa gawing kanan pakaliwa, at kung gaya ng huli'y sinasabing mabuting hudyat, at masamang pangitain naman kung kabaligtaran, alalaong baga'y mula kaliwa pakanan. Kailangang bumalik at huwag magpatuloy. Kung tumungo ito sa bukid o sa kabilang bahagi at umawit sa may bandang kanan, magpatuloy ng paglakad; ngunit kung sa bandang kaliwa'y kinakailangang bumalik, at huwag magpatuloy. Hindi sinasaktan ang ibong ito, sa takot na mamatay. Kung sakali ma't mahuli at pinutol ang tuka niya at pakakawalan at sasabihin ang ganito: "cqita, ay yuuala cun acoy meycacaonan, lalabay ca," ("suelto te ydemite aparto, por lo qual te pido, que quando fuere algun cabo, me cantes a la derecha, que llamauan, labay." SB).

Ang *asuwang* (Noceda-Sanlucar; *osuang*, SB) ay mga mangkukulam na lumilipad sa gabi at kumakain ng laman ng tao. Sinasabing kapag humuhuni ang ibong *tictic* ay may aswang. Ang *magtatanggal* (manananggal ay sinasabing lumilipad at kumakain ng laman ng tao at lumilipad lamang ang kalahating katawan at ang kabiyak ay iniwan sa bahay (SB).

Bukod sa mga kagila-gilalas na taong ito'y may mga taong sinasabing pinagkalooban ng mga sobrenatural at mahikang bagay gaya ng *mangkukulam*, *mangyisalat*, *mangagayuma* at *mangagaway*.

Ang *tigbalang* ay sinasabing may pakpak at dinadala ang tao saanman at kapag ito'y dala na'y nanghihina't namamatay (SB). Inilarawang napakataas at may mahabang buhok at may maliliit na paa't nakabahag na may maraming kulay. Sinasabi ring naninirahan sa *talolor* (SB).

#### KONGKLUSYON:

Makikita sa mga halimbawang tinalakay sa una, na ang mga diksyunaryo't bokabularyo, laluna yaong mga sinulat at nilimbag sa panahon ng Kastila, ay hindi magagamit na "sources" (batis) sa pagsulat ng kasaysayang panlipunan at pangkalinangan ng mga sinaunang Tagalog lalung-lalo na, at ng mga iba't-ibang grupong etnolingguwistika ng Pilipinas, tulad ng mga Bisaya, Ilukano, Kapampangan, Ibanag, Pangasinan, Magindanaw, halimbawa, para makabuo ng isang pambansang kasaysayan ng Pilipinas, sa hinaharap.

—oOo—